# Balitang Manmin

BILANG 82 ABRIL 21, 2013


# Ang Makapangyarihang Muan Sweet Water – Naghahatid ng Pag-ibig ng Diyos


## Pagsamba, Pagdiriwang at Pagtatanghal sa Ika-13 Anibersaryo




Pagtanggal ng tabing ng Monumento para sa Muan Sweet Water na may Kapangyarihan ng Diyos, Punong Pastor Dr. Jaerock Lee (pangatlo mula sa kaliwa)

Noong Pebrero, taong 1999, magmula nang lumipat sa lugar na napapalibutan ng dagat ang Muan Manmin Church, nahirapan sila dahil wala silang inuming tubig. Nanalangin ang mga miyembro at nagtiwala sa himalang nangyari sa Biblia kung saan ang tubig ng Marah na hindi pwedeng inumin ay himalang naging tubig na naiinom. Nakasulat ito sa Exodo 15:25. Noong Marso, taong 2000, tinanggap nila ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Pagkatapos, hindi lang naging tubig na pwedeng inumin ang tubig-alat, kamangha-manghang mga himala pa ang naipahayag dahil dito.

Noong taong 2007, pinatunayan ng Food and Drug Administration ng Estados Unidos sa mga pagsusuri at pagsisiyasat ng mga sangkap nitong mineral at kemikal, reaksyon sa balat, at 'toxicity' na ligtas at pinakamahusay ito. Noong Mayo, taong 2010, nakamit ng Muan Sweet Water ang pahintulot na maipadala ito sa Estados Unidos dahil nakapasa ito sa lahat ng mga karagdagang pagsusuri ng FDA.




Ang mga resulta ng pagsusuri mula sa FDA ng Estados Unidos

1


2


3


4


1: Pagkatapos ng pagdiriwang at pagtatanghal, naghandog ng pasasalamat at papuri sa Diyos ang mga bisita, sumayaw sila kasama ng mga nagtanghal sa Halamanan ng Muan Sweet Water. 2: Ang Pagsamba at Pagpapasalamat para sa Ika-13 Anibersaryo ng Muan Sweet Water na may Kapangyarihan ng Diyos, dinaluhan ng maimpluwensyang mga bisita. 3: Nangangaral sa pagsamba si Pastor Dongcho Shin. 4: Ang pagtatanghal ng Crystal Singers at Sound of Light Chorus.

Mayroong tubig na nagpapatotoo na buhay ang Diyos at naghahatid ng pag-ibig Niya. Ito ay Muan Sweet Water – nagpapagaling at nagdudulot ng mga kasagutan kapag gagamitin nang may pananampalataya.

Noong Marso 5, 2013, ipinagdiwang sa Muan Manmin Church ang Ika-13 Anibersaryo ng Makapangyarihang Muan Sweet Water. Nagkaroon sila ng pagsamba at pagtatanghal. Ang iglesya ay nasa Heajemyeon, Muan-gun, Jeonam Province. Si Pastor Myungsool Kim ang naglilingkod dito. Dumalo ang mga lider mula sa maraming organisasyon pati na ang mga residente doon at maraming mananampalataya, kasama na dito ang gobernador ng Muan at mga miyembro ng kapulungan ng probinsya.

Sa mensahe niya sa pagsamba, sinabi ng Gobernador Cheolju Kim, "Taos-puso akong bumabati, kasama ang may 80,000 residente ng Muan, sa ika-13 anibersaryo ng Muan Sweet Water. Hindi lang ibinahagi ng Muan Manmin Church ang Salita ng Diyos, nakakatulong pa sila sa pag-unlad ng lugar. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ng Manmin Central Church sa tulong niya sa mga kapuspalad sa pamamagitan ng bigas na 'eco-friendly' na itinatanim sa Muan. Pinapahalagahan ko ang pagmamahal niya sa lugar na pinagmulan niya. Gusto kong luwalhatiin nila ang Diyos."

Inihatid ni Pastor Dongcho Shin (katuwang na pastor ng Manmin Central Church) ang mensaheng pinamagatang 'The Generation That Seeks Miracles' (Ang Henerasyon na Naghahanap ng mga Himala), batay sa Juan 4:48. Sinabi niya, "Ibinigay ng Diyos ang Muan Sweet Water dahil sa pagmamahal ng Diyos. Sa pamamagitan ng himalang ito, gusto ng Diyos na maging masaya, malutas ang mga problema, at makarating sa mas mabuting tirahan sa Langit ang mga tao nang may pananampalataya." Nagpaabot ng pagbati si Pastora Esther K. Chung (Pangalawang Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ, at dating Pangulo ng Seoul Women's University), at naghandog ng pagbasbas si Pastor Daehee Cho (Pangalawang Pinakamataas na Pastor ng Manmin Central Church).

Ang pagtatanghal ng mga tanging bilang sa selebrasyon ay idinaos sa halamanan ng Muan Sweet Water. Kamangha-mangha ang ganda ng panahon. Bago nagsimula ang programa, maulap at mahamog, pero napawi ito at sumikat ang araw. Umawit ng papuri at sumayaw kasama ng mga dumalo ang Crystal Singers at Sound of Light Chorus, kabahagi sila ng Komite ng Sining ng Manmin Central Church. Ipinagdiwang nila ang Diyos na nagbigay ng Muan Sweet Water.

Binisita na ng hindi mabilang na tao ang lugar ng Muan Sweet Water. Ang mga taong ito ay mga taga-dito at may nagmula din sa ibang bansa, hangarin nilang makita ang lugar ng pinangyarihan ng kapangyarihan ng Diyos. Walang hinto ang mga patotoo tungkol sa mga paggaling at pagtanggap ng mga kasagutan dahil sa Muan Sweet Water. Nagpatotoo si Diakonesa Sunok Kim, 68 taong gulang, na gumaling ang malalang 'gastric ulcer' dahil uminom siya ng Muan Sweet Water, ang 'xeroma' niya, sa pamamagitan ng pagpahid nito sa mga mata niya, at ang naglalagas niyang buhok.

Pagkatapos nilang maglublob sa Muan Sweet Water gumaling ang pollen allergy ni Kap. Kawaguchi Yasuhiro (49, taga-Japan); ang mga sugat sa anit ng misyonerong si David Mukasa (48, taga-UK); ang mga sugat at nalalagas na buhok ni Kap. Ana (6, taga-Peru). Nakakitang muli si Pastor Stanley Bogo (35, taga-Kenya) at gumaling ang diabetes ni Pastor Sihiotan Kusoi (61).

Si Sahai Anton John (13, taga-India), ay hindi nakakalakad at nakakapagsalita dahil mahina siya mula nang ipinanganak, pero nakapaglakad at nakapagsalita siya nang maayos pagkatapos nang patuloy na paginom niya ng Muan Sweet Water. Maayos na siyang lumalaki ngayon. Ang kapangyarihan ng Diyos ay walang hintong naiipahayag sa pamamagitan ng mga patotoo tungkol sa Muan Sweet Water sa lahat ng sulok ng mundo. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos.

# Pag-ibig: Hindi Magaspang ang Kilos

"[Ang pag-ibig ay] hindi magaspang ang kilos. Hindi nito ipinipilit ang sariling kagustuhan, hindi mayayamutin, hindi nagtatala ng mga pagkakamali."
(1 Mga Taga-Corinto 13:5)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Ang kahulugan ng magaspang ang kilos ay masamang ugali, walang galang, o paglabag sa kagandahang asal. Siyempre, ang paraan ng pagbati o pagsasalita ay magkakaiba, depende ito sa panahon at edad o henerasyon. Gayon pa man, mayroong kagandahang loob na dapat ipakita sa kapwa. Kaya lang, may mga taong hindi naniniwala at hindi tanggap na magaspang ang ugali nila. Lumalabas ang masamang ugali nila sa mga taong malapit sa kanila. Maaaring sabihin ninyong hindi masamang magpakita ng magaspang na ugali sa kaibigan ninyo dahil malapit naman kayo sa isa't isa, pero maaaring masaktan ninyo ang damdamin niya.

Hindi kayo kikilos ng ganito kung mayroon kayong tunay na pagmamahal. Paano kung mayroong kayong mamahaling alahas na mahalaga sa inyo? Balewala ba ito? Malamang, iingatan ninyo itong mabuti, ni hindi hahayaang magasgas. Kung mahal talaga ninyo ang kaibigan ninyo, mamahalin ninyo sila.

### 1. Mga pangyayaring walang-galang ang mga tao sa Diyos

May mga taong nagsasabing mahal nila ang Diyos, pero hindi ito nakikita sa kilos nila. Isang pangkaraniwang pangyayari ay ang pagtulog habang nasa pagsamba. Sabihin na nating, inimbitahan kayo ng pangulo ng bansa ninyo, kawalan ng galang kung matutulog kayo habang nagsasalita siya. Kaya kung sumasamba kayo sa Diyos, ang PANGINOON ng lahat, pagdududahan kung tunay ang pagmamahal ninyo sa Kanya kung inaantok o natutulog kayo sa harapan Niya. Walang galang din kung nakikipagkwentuhan kayo sa kaibigan ninyo o lumilipad ang isip habang sumasamba. Ipinapakita nito na wala kayong paggalang o takot sa Diyos.

Walang galang din sa mga mangangaral kung magsasalita, lumilipad ang isip, o natutulog kayo habang nagsasalita sila. Baka mag-alala sila kung pinagpapala kayo ng mensahe nila o hindi. Nawawalan din sila ng inspirasyon mula sa Banal na Espiritu. Hindi ito makakabuti sa ibang miyembro na dumadalo, pati na rin sa inyo.

Kasama din sa mga hindi magandang ugali ang pag-alis habang mayroon pang pagsamba. Dapat manatili kayong nakaupo sa silya ninyo habang may pagsamba at tumuon, maliban na lang kung mayroon kayong tungkulin na dapat gawin na konektado sa pagsamba. Ibigay ninyo nang buong puso ang pananalangin ng tahimik, ang Pananalig ng mga Apostol, hanggang sa pagbasbas o Panalangin ng Diyos. Ganito rin ang gawin ninyo sa buong pagsamba kasama na ang papuri, pananalangin, pagbibigay ng kaloob, at pakikinig ng mga anunsyo. Dapat ninyong ialay sa Diyos ang maalab na papuri at pagsamba, ang maliliit na pagtitipon pati na ang mga malakihang pagpupulong.

Para makapaghandog ng pagsamba nang buong puso ninyo, una sa lahat, dapat kayong dumating sa tamang oras. Magaspang na ugali ang mahuli sa pakikipagtagpo sa kausap ninyong mga tao, lalo na kung makikipagtagpo kayo sa Diyos! Tama lang na paghandaan ninyo ang pagsamba nang may kasamang pagdarasal. At kawalan din ng galang sa Diyos ang pagdalo sa pagsamba pagkatapos uminom ng alak o manigarilyo, kasama din dito ang paggamit ng cell phone, pabaya sa mga batang naglalaro at nag-iingay, pag-nguya ng chewing gum, at ang kumakain habang may pagsamba.

Ang pagkilos ninyo ay mahalaga din. Kung magsisimba kayo na nakadamit-pambahay at walang kaayus-ayos, ito ay paglabag ng kagandahang-asal. Dapat dumalo kayo ng malinis at maayos. Kung minsan, dadalo kayo sa pagsamba tuwing araw ng Miyerkules o sa magdamag na pagsamba tuwing Biyernes na nakabihis ng damit na pantrabaho dahil manggagaling pa kayo sa pinagtatrabahuhan ninyo. Sa pagkakataong ito, hindi sasabihin ng Diyos na hindi ninyo Siya iginagalang. Malulugod pa Siya dahil gusto ninyong sumamba kahit abala kayo.

Kung aabalahin ninyo ang pananalangin ng isang tao, tatapikin ninyo siya sa balikat dahil may mahalagang bagay kayong gustong sabihin sa kanya at huminto naman siya sa pananalangin para sa iyo, parehong magaspang ang ugali ninyo dahil magkasabay kayong huminto sa pakikipag-usap sa Diyos.

Kapag sumasamba tayo sa Diyos sa espiritu at katotohanan, tinatanggap Niya ang pagmamahal natin nang may kagalakan at binibigyan tayo ng mga biyaya at gantimpala. Sa kabilang banda, kung madalas tayong nawawalan ng galang, kumakapal ang pader ng kasalanan natin laban sa Diyos. Magdurusa tayo sa iba't ibang problema tulad ng mga karamdaman o mga aksidente o kaya naman, mahihirapan tayong tumanggap ng mga kasagutan sa mga ipinapanalangin natin kahit matagal na nating idinadalangin ang mga ito.

### 2. Mga pangyayaring walang galang ang mga tao sa santuwaryo

Ang itinutukoy na santuwaryo ay hindi lang ang gusali mismo. Kasama dito ang halamanan at damuhan sa paligid nito, mga pasilidad, at iba pang lugar sa loob ng simbahan. Kaya dapat nating bigyan ng espesyal na pansin ang mga sinasabi at ginagawa natin sa kahit saang sulok ng simbahan. Huwag tayong mag-away o mag-usap tungkol sa makamundong mga bagay at kasiyahan. Huwag nating sirain ang mga sagradong kagamitan na pag-aari ng simbahan at huwag nating gamitin ang mga sobre na lalagyan ng kaloob para sa ibang bagay.

Dapat mahigpit na ipagbawal ang pagtitinda at pagbili sa loob ng simbahan. Hindi napapansin ng ibang tao na lumabag sila dito, gumamit sila ng 'electronic payments' para bilhin ang gusto nila habang nasa simbahan. Kasama pa rin ito sa ipinagbabawal na pagtitinda at pagbili. Isipin ninyo si Jesus na itinaob ang mga mesa ng mga nagpapalit ng pera pati ang mga silya ng mga nagtitinda ng mga hayop na gagamitin para sa sakripisyo sa templo. Nakasulat ito sa Mateo 21:12-13. Hindi Niya pinayagan kahit ang pagbili at pagtitinda ng mga hayop na ginamit para sa sakripisyo kaya hindi katanggap-tanggap bumili at magtinda sa simbahan para sa sariling benepisyo. Huwag din tayong magdaos ng bazaar.

Ang santuwaryo ay isang lugar na ibinukod para sa paghahandog ng mga pagsamba para sa Diyos. Ito ay lugar kung saan mabuting makipag-usap sa Kanya. Huwag nating kalimutan ang kabanalan ng simbahan at ng santuwaryo. Kumilos tayo ng tama sa harapan ng Diyos.

### 3. Mga pangyayaring ang mga tao ay walang galang sa ibang tao

Pwedeng sabihing wala kayong galang sa ibang tao kapag ang sariling pakinabang lang ang gusto ninyo, hindi iniisip ang kapakanan ng ibang tao. Dapat din tayong maging magalang kapag tatawag tayo sa telepono sa ibang tao kahit parang wala namang gaanong halaga ito. Huwag tayong tumawag sa kanila sa alanganing oras o makipag kwentuhan kung abala sila. Baka magkaroon pa sila ng problema dahil dito. Ang pagdating ng huli sa itinakdang oras at pagbisita nang walang abiso sa tirahan nila ay kawalan ng galang.

Iniisip ng ibang tao na kung gagawin nila ang lahat ng bagay na nabanggit, masisira ang pagiging malapit nila sa isa't isa, hindi na sila kumportable. Siyempre, totoong malapit ang iba sa kanila, dahil dito, hindi na nila nakikita ang mga pagkakamali ng isa't isa. Pero walang taong nakakaalam ng kalooban ng ibang tao ng 100%. Ipagpalagay nating iniisip ng isang tao na malapit siya sa isang tao. Pero hindi natin alam kung ganoon din ang iniisip ng isang taong iyon. Samakatwid, pagsikapan nating palagi na ilagay ang sarili natin sa sitwasyon ng iba.

Halimbawa, maraming tao ang nakakasakit ng damdamin ng malalapit na kaibigan nila dahil sa mga hindi maingat na pananalita. Kung wala kayong galang sa kapamilya o sa mga malalapit ninyong kaibigan, mas malala ang pagkasira ng pakikitungo ninyo sa kanila kumpara sa iba. At ang ibang tao naman, hindi maayos ang pagtrato sa mga mas nakababata sa kanila o kaya sa mga nasa mas mababang posisyon. Mababa ang tingin nila dito o kaya naman, hindi nila pinapansin ang mga ito o inuutus-utusan lang.

Sa kasalukuyan, mahirap nang makakita ng mga taong naglilingkod sa mga magulang nila o sa mga guro nila nang taos-puso kahit karapat-dapat naman silang pagsilbihan. May mga nagsasabing wala na silang magagawa dito dahil iba na ang panahon ngayon. Pero may mga bagay na hindi dapat baguhin kahit lumipas pa ang panahon. Mababasa sa Levitico 19:32, "Titindig ka sa harapan ng may gulang at igagalang mo ang iyong Diyos. Ako ang PANGINOON." Gusto ng Diyos na gawin nating mabuti ang tungkulin natin bilang tao. Kaya igalang natin ang ibang tao sa pamamagitan ng pagsunod kahit sa batas at tuntunin ng mundo.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ginugulol ng karamihan ang oras nila sa pakikipagtagpo, pakikipag-usap, pagtatrabaho, o pagsasalusalo sa pagkain. Pero magkakaiba ang pinag-aralan, kaalaman, bansa, kultura ng mga tao. Saan natin ibabatay ang pagiging magalang? Ibabatay ito sa batas ng pag-ibig sa puso natin.

Ang batas ng pag-ibig ay tungkol sa batas ng Diyos dahil Siya ay pag-ibig. Kung pananatilihin natin ang Salita Niya sa puso natin at kikilos ayon dito, maisasabuhay natin ang kautusan ng Panginoon. Hindi na mawawala ang paggalang natin sa ibang tao. Ang isa pang palatandaan na nakapaloob sa batas ng pag-ibig ay 'konsiderasyon.' Malaki ang kapangyarihan nang mga taong may konsiderasyon sa ibang tao. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magalang ninyong paglilingkuran ang lahat ng tao na parang naglilingkod kayo sa Panginoon.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Buhay na Sumusupil at Namamahala

Nilikha ng Diyos ang unang nilalang na si Adan at pagkatapos, si Eva naman. Binasbasan Niya si Adan para mangibabaw at mamahala sa lahat ng bagay. Sa pag-aaral tungkol sa espirituwal na kahulugan ng pagpapalang ito, umaasa kami na mabibiyayaan din kayo na supilin at pamunuan ang puso ninyo.



### ◈ Supilin ninyo ang lupa at pamahalaan ang lahat ng bagay dito

Hinubog ng Diyos na Manlilikha ang tao mula sa alabok sa lupa, at inihinga sa mga butas ng ilong niya ang hininga ng buhay; at naging buhay na nilalang siya. Naglagay ang Diyos ng Halamanan sa bandang Silangan, sa Eden; at inilagay Niya doon ang lalaking nilalang Niya at binasbasan Niya ito ng kapangyarihan bilang anak ng Diyos. Itinuro ng Diyos ang lahat ng bagay sa lalaki para mangibabaw at pamahalaan ang lahat ng bagay sa Mundo, pati na ang pangangalaga at pananatili sa Halamanan ng Eden.

Nakasulat sa Genesis 1:28 kung gaanong biyaya ang ibinigay ng Diyos kay Adan, ang unang nilalang Niya. Ang unang biyaya na ibinigay ng Diyos kay Adan ay ang 'magkaroon ng maraming anak at magpakarami, punuin ang lupa.' kasama si Eva, na ibinigay ng Diyos kay Adan bilang asawa, naging mabunga si Adan, nagpakarami, at pinuno ang 'lupa' ng mga anak sa Halamanan ng Eden.

Ang pangalawang biyaya na ibinigay ng Diyos kay Adan ay 'supilin ang lupa.' Ibinigay ng Diyos kay Adan ang Halamanan ng Eden at ang Mundo bilang pamana at sinabi sa kanya na 'supilin ito at panatilihin.' Ang pangatlong biyaya na ibinigay ng Diyos kay Adan ay 'pamahalaan ang mga isda sa dagat at mga ibon sa langit at lahat ng may buhay na gumagalaw sa mundo.' Binigyan ng Diyos si Adan ng karunungan at pang-unawa para magawa niya ang lahat ng ito, at binasbasan siya para mangibabaw sa mga hayop sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanila.

Oo nga pala, may isa pang dahilan kung bakit hinayaan ng Diyos si Adan na mangibabaw sa mundo at mamahala sa lahat ng bagay. Ang dahilan nito ay sapagkat sa pangalawang langit, kung saan naroon ang Halamanan ng Eden, mayroong lugar doon na tinitirahan ang mga espiritu ng kadiliman.

Sa pangalawang langit, naroon ang Halamanan ng Eden na pag-aari ng kaharian ng liwanag at mayroon ding kaharian ng kadiliman. Magkatabi silang dalawa. Hinati at pinaghiwalay ng Diyos ang liwanag at dilim pagkatapos sabihing, "Magkaroon ng liwanag" sa unang araw ng anim na araw ng paglikha para sa pangangalaga ng sangkatauhan. Pagkatapos, sa unang gabi, pinakawalan ng Diyos si Lucifer at ang masasamang espiritu na pamamahalaan niya mula sa Abyss (isang hindi kayang isiping kalaliman). At sa pangalawang araw, binigyan sila ng Diyos ng lugar na titirahan sa silangan ng Halamanan ng Eden.

Sa pang-anim na araw, hinubog ng Diyos ang tao at ibinigay sa kanya ang kapangyarihan na supilin at mamahala sa lupa at sa lahat ng bagay dito. Gusto ng Diyos na protektahan ni Adan ang Halamanan ng Eden at ang Mundo mula sa masasamanag espiritu at binasbasan siya para mamuhay bilang anak ng Diyos.

### ◈ Ang puso ninyo ang espirituwal na lupa, supilin ninyo ito ng katotohanan

Nakasulat sa Genesis 2:16-17, iniutos ng Diyos sa lalaki, "Malaya kang makakakain mula sa lahat ng punungkahoy sa halamanan, subalit mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka." Ibig sabihin, nagdudulot ng kamatayan ang kumain mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama dahil sinisimbulo ng punungkahoy ang dakilang kapangyarihan ng Diyos.

Nang sundin ng unang nilalang na si Adan ang Salita ng Diyos, nagawa niyang supilin ang mundo at mamahala sa lahat ng bagay dito. Pero nagbago ang lahat pagkatapos niyang kumain mula sa punungkahoy. Pinalayas siya mula sa Halamanan ng Eden dahil hindi niya nagawang bantayan ang puso niya at sumuway siya. Sa bandang huli, makakakain lang siya mula sa pagbungkal ng lupang pinagkunan sa kanya, dahil isinumpa din ang lupa dahil sa kasalanan niya. Mamamatay din siya dahil 'ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.'

Gaya ng nakasulat sa Mateo 13, ang lupa ay sumisimbulo sa puso ng mga tao na hinubog mula sa alabok. Sa madaling salita, itinuturo dito na kung sinumang nangingibabaw sa puso nila, ang espirituwal na lupa, at pamamahalaan ito ayon sa Salita ng Diyos, maibabalik nila ang kapangyarihan at kalakasan na dating pag-aari ni Adan. Kaya kung pangangalagaan ninyo ang puso ninyo para maging matabang lupa, lumalago din ang pusong espirituwal.

Kung hindi ninyo pangangalagaan ang puso ninyo para lumago at maging matabang lupa, hindi ninyo magagawang mangibabaw dito. Habang mayroon itong mga katangiang makalaman, hindi pwedeng sabihing lubos na ninyong nasupil ang puso ninyo. Ang dahilan nito ay sapagkat pabagubago pa ang puso ninyo, may mga katangiang makalaman pa ito.

Kapag napamahalaan natin ng lubos ang mga puso natin, mapapagtagumpayan natin ang mundo na puno ng kasalanan at kasamaan at mailalayo natin ito sa mga makamundong bagay. Pero kung hindi, ikaw ang susupilin ng mga makamundong bagay kapag dumating sa iyo ang mga tukso at kahirapan. Masusuri ninyo kung napapagtagumpayan ninyo ang puso ninyo, tingnan ninyo kung naisasagawa ninyo ang mga bagay na pinlanong gawin. Para lubos ninyong masupil ito, itapon ninyo ang mga 'bato' at bunutin ang mga 'tinik' dito. Kapag nagawa ninyo ito, dadating sa inyo ang mga biyaya ng Diyos.

### ◈ Supilin ninyo ang puso ninyo, punuin ninyo ito ng pag-ibig

Pagkatapos ninyong pangibabawan ang puso ninyo, ano ang pamamahalaan natin, at paano? Halimbawa, kung may galit sa puso ninyo, tanggalin ninyo ang galit para masupil ang puso. Punuin ninyo ito ng pag-ibig, para mapamahalaan ito. Kung pupunuin ninyo ng pag-ibig ang puso ninyo, mapapamunuan ninyo ito. Kung naabot na ninyo ang ganitong antas, mawawala na ang makalamang saloobin ninyo. Maririnig na ninyo ang tinig ng Espiritu, at tatanggapin ninyo ang gabay Niya.

Mababasa sa Filipos 2:13, "Sapagkat Diyos ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanais at sa paggawa, para sa Kanyang mabuting kalooban." Kumikilos ang Diyos sa buhay natin. Ginagabayan Niya tayo para makamit ang kalooban Niya para sa Espiritu na nagsisiyasat ng lahat ng bagay, kahit ang kailaliman Niya, pinaparinig Niya sa atin ang tinig Niya, at dinadala Niya tayo sa masaganang daan.

Kung sinuman ang susupil sa puso nila, nangangahulugan itong iwawaksi na nila ang mga kasinungalingan, babantayan nila ang puso nila. At mapapamahalaan at pamumunuan na ninyo ang puso ninyo nang may kabanalan at pag-ibig, hindi kayo gagalawin ng masasamang tao, at susunod sa inyo ang mga tao nang taos-puso. Pupurihin kayo ng mga tao sa paligid ninyo. Umaasa kami na susupilin, pamamahalaan, at pamumunuan ninyo ang mga puso ninyo upang tamasahin ang kapangyarihan at biyaya ng isang anak ng Diyos.

Kap. Bokho Han (Misyon ng Pipi at Bingi)

# "Dahil sa kapangyarihan ng panalangin, muling nabuhay ang anak ko at gumaling ang lahat ng karamdaman niya"



Pamilya ng Kap. Bokho Han at Punong Diakonesa Hyunju Oh; mula sa kaliwa, Kap. Bokho Han, anak na babae, si Eunhye, asawa niyang si Kap. Kushuchen, Punong Diakonesa Hyunju Oh, at anak na lalaki, si Eunsu

Mula sa iba't ibang kultura ang pamilya ko. Ang asawa ko ay taga-Malaysia, pareho kaming pipi at bingi. Taong 2008 nang kaming dalawa ay magpakasal, nagkaanak kami ng isang babae at isang lalaki. Nagpapasalamat kami dahil parehong normal ang pandinig nila. Pagpapala at pag-ibig ito ng Diyos.

### Pwedeng mamatay ang sanggol sa sinapupunan ko o mabuhay na parang gulay

Nagkaroon ako ng pananampalataya dahil naranasan ko ang pag-ibig ng Diyos. Pinagaling Niya ang pangalawang anak ko mula sa lahat ng karamdaman nito.

Nangyari ito noong taong 2011, noong anim na buwang buntis ang asawa ko. Nagsagawa ng 'ultrasound test' ang doktor namin, at sinabi niya na hinihinalang may 'hiatal hernia' ang sanggol. Ang 'hiatal hernia' ay isang kondisyon kung saan nakausali ang itaas na bahagi ng bituka papunta sa dibdib. Ang dahilan nito ay may punit o mahina ang 'diaphragm' niya. Pinayuhan niya akong lumipat sa mas malaking ospital. Dinala namin siya sa ospital na pinapatakbo ng isang unibersidad para sa masusing pagsusuri. Nakakabigla ang resulta nito.

"Malala ang kondisyon ng hiatal hernia, naiurong nito ang puso niya sa dapat kalagyan at nadidiinan nito ang baga niya. Delikado ang kalagayan niya, pwede siyang mamatay sa sinapupunan ng asawa ko o kahit maipanganak siya ng buhay, may posibilidad na mamamatay din siya. Kung mabubuhay naman siya, para siyang gulay."

Umuwi kaming mag-asawa, umiiyak dahil sa pagkabigla. Pagkatapos, pinayuhan kami ng isang gurong taga-payo ng Misyon ng mga Pipi at Bingi. Ipinaliwanag niya ang tungkol sa pananatiling banal ng araw ng Sabbath at pagkakaloob ng buong ikapu. Sinabi niya sa amin kung bakit hindi maprotektahan ng Diyos ang sanggol namin.

Noong panahong iyon, hindi ko pinapanatiling banal ang Sabbath at hindi ako nagkakaloob ng buong ikapu. Nang makilala ko Siya, pinagsisihan ko ang naging buhay ko at nagsimulang panatilihing banal ang Sabbath. Kinuwenta ko kung magkano ang ikapu ng lahat ng kinita ko noong taong 2011 at inihandog ko ito sa Diyos. Tinanggap ko rin ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee.

Noong Agosto 22, 2011, ipinanganak ng ligtas ang anak kong lalaki na si Eunsu. Inoperahan ang mga 'hernia' niya, at kinailangang ilagay siya sa 'incubator.'

Noong Oktubre, 2011, pinauwi na si Eunsu, pero meron siyang asma, pulmonary hypertension (mataas na presyon ng dugo sa ugat papunta sa puso), hyperbilirubinemia (isang karamdaman sa panunaw), patent ductus arteriosus (karamdaman sa puso), left lung hypoplasia (isang kondisyon kung saan hindi tuluyang nabuo ang baga), disseminated intravascular coagulation (kondisyong namumuo ang dugo sa maliliit na ugat), at hyaline membrane disease (kondisyon sa mga sanggol kung saan nagkukulang sa oxygen). Hindi madali para sa mga katulad naming pipi at bingi ang magpalaki sa kanya.

### Naging normal siya dahil sa kapangyarihan ng Diyos

Nalaman ng Punong Diakonesa Hyunju Oh, kusang-loob na tumutulong sa Misyon para sa mga Pipi at Bingi, ang tungkol sa situwasyon namin. Dumalo siya sa pulong panalangin ng Manmin Prayer Center sa loob ng isang taon kasama si Eunsu. Idinalangin niya ang kalusugan ni Eunsu nang may pag-ibig at dedikasyon. Kaming dalawa naman ng asawa ko, nanalangin sa pulong panalanging Daniel.

Napagtagumpayan ni Eunsu ang mga krisis dahil sa pananalangin ni Dr. Lee at ng panyong pinanalanginan (Ang Mga Gawa 19:11-12). May lungkot sa damdamin namin dahil hindi namin siya mapangalagaan dahil sa mga kapansanan namin. Pero nagpapasalamat kami sa Punong Diakonesa Oh na nag-alaga sa kanya nang mabuti.

Sa wakas, nanumbalik ang kalusugan ni Eunsu dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Gumaling ang lahat ng karamdaman niya. At sa Marso 8, 2013, papasok na siya sa kindergarten. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos na muling bumuhay sa anak namin na halos mamatay na.



Walang posibilidad na mabuhay pa ang anak ng Kap. Bokho Han pero gumaling ang mga karamdaman niya dahil sa panalanging ni Dr. Jaerock Lee. Malaki na siya at nasa mabuting kalusugan. (Si Eunsu nang ipinanganak)





Balita mula sa Ibang Bansa
Pagtitipon na may Pagpapagaling Gamit ang Panyo
sa Nairobi Holiness Church, Kenya

## *Nakapaglakad ang isang*
## *3 taong gulang na bata!*

Noong Pebrero 24, 2013, nagdaos ng pagpupulong na may panyong nakakapagpagaling sa Nairobi Manmin Holiness Church sa Kenya. Kasama dito si Bishop Dr. Myongho Cheong (Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ sa Africa). Inilapat niya ang makapangyarihang panyo sa mga maysakit at ipinanalangin sila. Maraming napagaling – paningin, cancer, AIDS, palsy, malaria, sakit sa puso, at buto sa gulugod.

Kasama na dito ang isang 3 taong gulang na bata na mahina ang mga binti kaya hindi makapaglakad magmula nang ipinanganak. Lumakas siya at lumakad ng walang tulong pagkatapos maipanalangin. Niluwalhati ang Diyos ng mga tao, nagsigawan sila dahil sa kaligayahan.

Ang pangalan niya ay Ren Opoi, taga-Makongeni, 7 km. ang layo nito mula sa iglesya. Isinasama siya ng kapatid niyang si Ean Ata, 14 taong gulang, sa iglesya para dumalo sa paaralang pang-Linggo. Masipag sila sa pagdalo. Samantala, dumalo si Ean Ata sa pagpupulong na may panyong nakakapagpagaling na may pusong naghahangad kasama ang mas batang kapatid. Ipinakiusap niya na maipanalangin ito. Namangha ang mga kapitbahay nila nang makita si Ren Opi na naglalakad. Sinabi nila, "Anong nangyari sa batang ito?"

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714